# Bunso

**Bayani Macatiag Gabriel**

"NO MATAYAK, ADDA lungonkon," balita ni Nanay kanina.

Ang sabi kapag namatay daw sila may kabaong na sila. Di ako nakapagsalita. Ayaw na ayaw ko sa mga usaping kamatayan, lalong-lalo na kung tungkol kina Nanay at Tatay. Maaari sigurong pag-usapan ang kamatayan ko pero iba sa pakiramdam kung sa kanila na. Sa totoo nga, balak kong kumuha ng memorial plan ko mismo, hindi naman sa iniisip kong mamamatay na ako, paghahanda lamang sa mga maaaring mangyari. Pero sana makuha ko pang tumanda bago ako mamatay. Iniisip ko rin naman na kuhanan sila ng plan, pero ayaw kong isipin nila na pinagpaplanuhan na ang kanilang kamatayan. Wala namang nagmamahal sa mga magulang ang gusto nang mamatay ang kanilang mga magulang pero sa kultura ng mga galing sa mahihirap na pamilya, hindi uso ang memorial plan. May negatibo itong konotasyon sa amin. Kaya nabigla ako kanina nang ibalita nila ito.

"Ana?!" Tanong ni Tatay. Di ko alam kung nagbibingi-bingihan lamang sila dahil sa pagkabigla o sadyang hindi narinig ang sinabi ni Nanay dahil bingi naman talaga si Tatay. Inulit nila ang kanilang sinabi. Ang Tita ko raw ang kumuha nito. Ang tita kong ito ang may pinakamagandang buhay sa kanilang magkakapatid. Nakapag-abroad, matanda na nang magpakasal at hindi nagkaroon ng sariling anak. Di nagtagal namatay ang asawa. Mag-isa na lang sa buhay kaya nakapag-ipon at walang ibang



likhaan 13 inside pages 102419.indd 250 10/25/2019 2:07:16 PM

ginagastuhan kundi ang sarili. Gusto raw akong ampunin noon pero di pumayag si Nanay kahit napakarami niyang anak.

Niloloko ko nga kung minsan, kung ibinigay n'yo ako, e, di ako sana ang tagapagmana ng kayamanan ni Auntie? Tatawa lang naman sila at sasabihing nagsisisi ba ako dahil hindi ako ibinigay? Paano nga ba pagsisihan ang isang bagay na hindi mo naman pinagdesisyunan?

Buwan-buwan siyang may pensiyon, sariling pensiyon at pensiyon mula sa namatay na asawa, dolyar ang natatanggap kaya mas malaki ang pera niya sa kaniyang mga kapatid. Dahil dito ay tinutulungan niya ang kaniyang mga kapatid. Bawat ikalawang buwan ay nagbibigay siya ng kalahating kaban sa lahat ng mga buhay pa niyang kapatid. Takbuhan din siya ng mga kapatid kapag nangailangan. At ngayon nga, siya raw ang kumuha ng kabaong ni Nanay kasabay ng pagkuha niya ng sa kaniya.

"Tinanong ako kung gusto ko," dagdag ni Nanay. "Sabi ko oo para hindi n'yo na problema ang kabaong kapag namatay na ako."

Di ulit ako nakaimik. May kung anong tumutusok sa puso ko sa tuwing binabanggit nila ang kanilang kamatayan.

***

Nagising ako noong bata ako na iyak ako nang iyak. Ang sama ng panaginip ko, namatay raw si Nanay. Wala na, hindi ko na makikita ang mukha nila, hindi ko na mararamdaman ang yakap nila, hindi ko na maaamoy ang natural nilang amoy na nagpapakalma sa akin sa gabi bago matulog. Wala na, sa alaala ko na lang babalikan ang lahat, sa edad ko, pagdating ng panahon, baka wala na akong maalala tungkol sa kanila, na sa larawan ko na lang makikita ang kanilang itsura at hindi na sa aking alaala. Na wala na ang pakiramdam ng yakap, wala na ang amoy dahil sa alaala ko lang naman ito nakaimbak. At tuso ang alaala. Ayaw man natin, hindi natin mapipigilan kapag nawala na ito. Naaalala natin, pero hindi na natin alam ang pakiramdam, maaalala natin, pero hindi na natin alam ang eksaktong amoy. Naaalala natin pero malabo na ang kanilang itsura.

Agad akong tumakbo palabas nang magising at malaman na panaginip lamang ang lahat. Nakita ko sila, nagwawalis sa bakuran. Hindi ako tumakbo para yakapin sila gaya sa mga pelikula. Pinagmasdan ko lang sila mula sa kinalalagyan ko. Ayaw kong tanungin nila ako kung bakit. Ayaw kong ikuwento ang panaginip ko. Hindi ko alam kung bakit pero naririnig ko na kapag may napapanaginipan kang hindi maganda dapat mo itong ikuwento nang ikuwento para makontra ang panaginip.

"Anong gagawin mo, Bayani, kapag namatay ako?" Minsang tanong sa akin ni



likhaan 13 inside pages 102419.indd 251 10/25/2019 2:07:16 PM

Nanay nang nakahiga kami sa hapon habang pinapatulog ako noong bata pa lang ako. Nakatira kami noon sa Laoang Kapampanganan. Umupo ako at humarap sa kanila. Sa mura kong edad paano ko ito sasagutin? Tinatanong ko ang sarili ko ngayon kung bakit kaya nila itinanong iyon. Ayaw ko rin naman silang tanungin ngayon kung bakit nila ito itinanong. Baka nga di na nila maalala na minsan sa buhay nila, noong bata pa ang kanilang bunso ay tinanong nila ng gano'n. Hindi ako nakasagot, walang lumabas na kahit anong salita sa aking bibig. Namasa lamang ang mga mata ko, isang butil ng luha ang pumatak, dalawa, tatlo hanggang sunod-sunod na at hindi ko mapigilan. Mula sa pigil na iyak hanggang sa ngumawa na lang ako nang ngumawa. Para akong nagluksa nang wala sa oras nang panahong iyon. Ayoko ng mga usaping kamatayan kahit alam ko namang doon tayo lahat papunta. Hindi ako handa sa kahit anong kamatayan, hindi kailanman magiging handa. Ipinangako ko sa sarili ko na hinding-hindi ko tatanungin kahit sino kung anong gagawin nila kapag namatay ako. Kahit sa pabiro lamang.

***

Hindi raw ako mahal ni Nanay, minsang kuwento niya sa akin. Tiningnan ko lang sila noon, ako, hindi nila mahal? Nagpapatawa sila, hindi ko kailanman naramdamang hindi nila ako minahal. Pero totoo raw. Noong bagong panganak pa lamang ako.

Menopause baby na raw ako kung tutuousin. Anak ti baket ken lakay (anak ng matandang babae at lalaki) ang tawag sa akin noong bata ako. Ako raw ang pinakamatanda ang ina at ama sa aming magkakapatid. Lagi raw gano'n, ang panganay ang may pinakabatang magulang, sariwang-sariwa pa, batang-bata ang ina at ama nang ipanganak ang mga panganay, at ang bunso ang may pinakamatanda. E, paano naman kaya ang mga nag-iisang anak? Sa kalagayan ko, literal na matanda na si Nanay noong ipanganak ako, kumbaga nabuo sa huling patak ng regla ni Nanay.

May larawan nga sila ni Tatay noong bagong kasal sila. Kuha ito sa studio, gaya ng mga lumang larawan, seryoso ang pustura, black and white. Nakalarawan ang kanilang kabataan. Si Nanay, bente anyos lamang at bente kuwatro naman si Tatay. Bilugan ang katawan ni Nanay, hindi mataba, sexy nga kung tutuusin, pero hindi sexy na payat. Ang mukha nila makinis, wala ni anumang guhit ng edad ang makikita. Si Tatay naman, medyo payat. Sa totoo lang, kung hindi nila sinabi na sila iyon noong bagong kasal sila, hindi ko mamumukhaan, iisipin kong ibang tao ang mga iyon. Iba na kasi ang itsura nila sa larawan namin noong baby pa ako. Pinaglipasan na ng panahon pagkatapos ng mahigit dalawang dekada bago ako dumating sa mundo.

Kung pagbabasehan ang larawan na iyon, tama nga ang kasabihan na anak ng



likhaan 13 inside pages 102419.indd 252 10/25/2019 2:07:16 PM

bata ang panganay at anak naman ng matanda ang bunso. Walang duda.

Sang-ayon sa kuwento ni Nanay, hindi talaga niya ako mahal noong bagong panganak pa lamang ako. Dismayadong-dismayado sila na nagkaroon ng anak na may kapansanan. Putol ang kanan kong paa mula sa ibaba ng tuhod. Sa dinami-rami ng naging supling nila biglang nagkaroon ng may kapansanan. Kung sakali sigurong puwede pang mabuntis si Nanay, baka pipiliin na rin niyang huwag na akong sundan sa takot na maging kagaya ko na naman ang lalabas. Ginagawa ko na lang biro kung minsan na napag-uusapan ang kapansanan ko lalo na kung mga bagong kakilala. Gano'n naman talaga, ang mga bagong kakilala lamang ang mga magtatanong sa kapansanan ko. Sasabihin ko, nagkulang sa diin, o dahil matanda na si Tatay, nagkulang sa semilya kaya hindi ako kumpleto. Na alam ko namang hindi ito ang katotohanan. Maaaring nasa lahi na talaga namin dahil sa aming angkan, dalawa kaming ipinanganak na putol ang paa.

Hindi uso ang check-up at ultrasound noong panahong ipinagbubuntis ako—1988–1989. O baka uso na rin pero dahil mahirap lang naman kami ay hindi na nila ginagawa. Sa aming baryo (Padapada, Gerona, Tarlac kami nakatira noon), kapag naipanganak ang bata, doon lamang malalaman kung babae o lalaki, nandoon ang elemento ng surpresa, hindi gaya ngayon na maaari nang malaman agad ang kasarian kahit nasa loob pa lamang ng tiyan ng ina. Ang uso sa amin noon ay prediksiyon lamang ng kasarian, base sa pusod ng pinakahuling anak. Kung nakatihaya raw ay babae at kung nakadapa naman ay babae. Sinusubukan kong tingnan ang pusod ng mga pamangkin kong bata pero di ko kailanman maintindihan o makita kung alin ang nakatihaya at nakadapa sa pusod. Nakikita rin daw ito sa suso ng batang sinusundan ng ipinagbubuntis. Ito mas malinaw at mas madaling makita, kapag buo ang nipples lalaki at kapag may pilas o kapag parang may hati ay babae. Kung nagkaroon pa ako ng nakababatang kapatid, lalaki ito. O maaari ring sa itsura ng ina habang nagbubuntis. Kapag maganda ang nagbubuntis, babae raw ang magiging anak, kapag laging nakabusangot o kapag nangitim ang lahat nang di dapat mangitim o kapag literal na pumangit ang nagbubuntis, lalaki ang nasa sinapupunan. May ilan din na nakukuha sa pagdinig sa tiyan ng nagbubuntis. Kapag sa kaliwa ang madalas na pintig ay babae at kapag sa kanan naman ay lalaki. Dito raw tinitingnan ng mga komadrona ang panghuhula (Hula pa ba kapag ganito?) sa kasarian ng ipinagbubuntis, titingnan lahat bago sabihin kung babae o lalaki. "Hindi pa ako nagmintis sa ganiyan. Lahat ng tiningnan ko ay tama!" Pagmamalaki ni Nanay sa akin nang minsang tanungin ko sila tungkol dito. Kilala rin daw sila na nagpapaanak sa aming baryo noong araw. Di ko lubos maisip na nagpapaanak sila noon, samantalang kapag mga kapatid o ang hipag ko ang nanganganak ngayon ay parang mas mauuna pa silang dapat itakbo sa ospital



likhaan 13 inside pages 102419.indd 253 10/25/2019 2:07:16 PM

dahil sa nerbiyos. “Akala ko ba nagpapaanak kayo noon, Nay? Bakit nininerbiyos kayo ngayon?” minsang tanong ko nang manganak ang ate ko sa Pampanga. “Di ko alam. Gano’n siguro kapag anak mo na.” Sagot nila.

“Si Tatay ang nag-alaga sa iyo noon, dahil nga ayaw ko sa iyo,” kuwento ni Nanay. Nagrerelyebo raw si Tatay at ang mga kapatid ko sa pag-aasikaso sa akin dahil hindi raw talaga ako inaasikaso ni Nanay. Papasusuhin lamang dahil nananakit na ang kanilang suso, hindi dahil sa gusto nila akong pasusuhin. Iniisip ko minsan na pangteleserye pala ang buhay ko noong bata pa.

Si Tatay. Wala akong alaala na sinaktan ako nang pisikal ni Tatay. Madalang lang din niya akong pagalitan. Ang mga kapatid ko ang laging napapagagalitan sa tuwing umiiyak ako. Gano’n magmahal si Tatay. Hindi uso sa kaniya ang kasabihan na mahal ng magulang ang kanilang anak kaya nila ito pinagagalitan. Ayaw kong isipin na hindi nila ako mahal dahil hindi ako pinagagalitan. Minsan iniisip ko na masyado kaya silang naaawa sa kalagayan ko kaya halos ayaw nila akong pagalitan? May ipinangako kaya sila sa kanilang sarili na hindi nila ako pagagalitan mabuhay lamang ako nang normal kahit isa akong abnormal?

Si Tatay ang nagturo sa aking gumamit ng saklay. Noong bata, ako gapang ang paraan ko para marating ang mga gusto kong puntahan. Nang makita siguro nila na handa na akong gumamit ng saklay, iginawa nila ako. Mula sa payat na kawayan, biniyak nila ito sa gitna, nilagyan ng pahalang na kawayan din sa pinakataas na parte para sa kilikili at sa bandang gitna para hawakan ng kamay. Dalawa ang ginawa nila para sa akin. Kailangang dalawa dahil nag-aaral pa lamang akong maglakad. Dalawa ang saklay ko hanggang Grade 3.

Para akong malulula nang tumayo ako at isinukbit sa magkabilang kilikili ko ang saklay. Masakit dahil hindi ako sanay. Pinuluputan nila ito ng tela para kahit papaano ay mabawasan ang sakit sa kilikili.

Hawak-hawak ako ni Tatay at hindi binitawan habang tinuturuan akong lumakad. Ihakbang muna ang dalawang saklay paharap saka ihakbang ang nag-iisang paa paharap din. Higit siguro sa pakiramdam na magkahalong takot at pagkasabik ang nararamdaman ko sa isang ordinaryong bata na nag-aaral pa lamang maglakad. Higit dahil ang ordinaryong bata kapag nag-aaral maglakad, dahil sa edad, ay hindi pa buo sa kanilang pagkatao ang konsepto ng takot na matumba kumpara sa akin na lima o anim na taong gulang na, na mas malalim na ang pagkaunawa sa salitang takot. Pero lagi silang nakaalalay sa akin at paminsan-minsang binibitiwan ngunit agad na hahawakan dahil agad din akong babagsak.

Nagbago lamang daw ang turing sa akin ni Nanay nang isang gabi ay managinip siya nang masama. Namatay daw ako sa kaniyang panaginip, iyak siya nang iyak.



likhaan 13 inside pages 102419.indd 254 10/25/2019 2:07:16 PM

Naisip ko na hindi totoong hindi nila ako mahal, dahil kung totoo man iyon, dapat hindi sila iiyak, dapat ikatuwa pa nila na wala na ako, na nawala na ang anak nilang may kapansanan, na wala na ang anak na ikinadismaya nila nang masilayan sa unang pagkakataon. Pero hindi, iniyakan nila ako. Mahal nila ako, hindi lang nila alam. Dismayado sila na nagkaroon ng abnormal na anak, pero mahal nila ako. Ang sabi raw nila sa kanilang panaginip, Diyos ko, buhayin mo lang ang anak ko, mamahalin ko siya hanggang sa mamatay ako. At doon sila nagising. Iyak pa rin daw sila nang iyak nang malamang panaginip lang ang lahat. Mula noon, ibinigay na nila ang pagmamahal na higit pa sa kailangan ko. Teleserye nga.

***

"Bakit Bayani ang pangalan ko?" Tanong ko minsan kay Nanay. Dahil daw sa kalagayan ko. Nang makita raw niyang wala akong isang paa, idineklara na nila, magiging bayani ang anak ko. Mukhang hindi ko matutupad ang deklarasyon nila, pero may isa akong napagtanto: Hindi totoong hindi nila ako mahal noong ipinanganak at makita nilang abnormal ako.

***

Malakas ang paniniwala nila Nanay na ako ang suwerte nila. Noong bata ako, sa tuwing may makakakita sa akin sasabihin nila agad: iyan ang magbibigay ng suwerte sa amin. O kung hindi naman, ang ibang tao ang magsasabi: alagaan n'yo ang batang iyan, suwerte 'yan.

Ako raw ang pinakamasuwerte sa aming mga magkakapatid, ang malas ay ang panganay at mga sumunod sa kaniya, kasagsagan ng kahirapan. Mahirap lang kasi kami, walang sariling lupa, walang pera, nakikitirik lang ng bahay sa lupa ng mga kamag-anak. Maraming kuwento sila Nanay at Tatay kung paano nila binuhay ang kanilang pamilyang binuo. Nandiyang nakikilabada, nakikiraep (tanim ng palay), nagtitinda ng kung ano-anong prutas na libreng nakukuha sa bundok at kung ano-ano pa. May ilang anekdota ng nakatatawa nga sila sa mga ito:

Takot na takot raw si Nanay sa linta, hanggang ngayon. Pero dahil sa hirap ng buhay napipilitan silang makiraep. Buntis daw siya sa panganay naming kapatid nang maganap ang insidente, malaki na ang tiyan, matiwasay naman ang lahat, maliwanag ang sikat ng araw, maaliwalas tingnan. Normal na normal lang ang araw nang bigla silang mangati. Nang kamutin na nila naramdaman na nilang may madulas at nang tingnan nila, linta na palang nakakapit. Nang makita raw nila ito imbes na tanggalin ay bigla na lang silang nagtatakbo at nang mabuwal ay inararo nila ang bukid gamit ang kanilang tiyan. Kung hindi pa siya nahuli para ibang tao ang mang-alis sa linta



likhaan 13 inside pages 102419.indd 255 10/25/2019 2:07:16 PM

ay hindi pa sila titigil sa kaka-araro. Nang matigil ang kumosyon, kitang-kita ang mga guhit na gawa ng kanilang tiyan, sa gitna ng bukid (ang mga may tanim pa ang nadale ni Nanay). Sumakit daw at naninigas naman ang kaniyang tiyan nang mahimasmasan. Laking pasasalamat daw sila at hindi siya nakunan.

Nagtitinda raw sila noon ng duhat sa palengke. Ang mga duhat ay kinukuha sa bundok nang libre. Kahit libre ay buhay naman nila ang nakataya dahil nagsisilakihang mga puno ang mga ito at kinakailangan nilang akyatin. Alam na nila kung saan ang mga punong matamis sa maasim. Sa mga matatamis na puno sila kumukuha kaya naman nainsulto raw sila nang sabihin ng isang bumibili na maasim ang tinda nila, hindi na lang sila umimik pero may pagkapilya si Nanay. “O, kamias, kamias, kamias!” tawag daw nila nang umalis na raw sa harapan nila ang namimili. Nang marinig ito ng kaninang bumibili na nagsabi ng maasim ang kanilang paninda tinanong daw niya kung asan daw ang kamias. Itinuro daw ni Nanay ang tinda nilang duhat, “Di ba sabi mo maasim? Odi kamias ang tinda ko!” hindi ko na nagawang magtanong noon sa katatawa.

Minsan na rin daw silang nakipag-away sa kapwa tindera ng duhat at humantong sa pag-aapak nila sa mga paninda ng kaaway. “Inlutlotko, a. Ti kunana haanko kaya?”(Nilamog [gamit ang paa] ko, a, ang akala niya di ko kaya?).

Marami rin daw silang ginawa para lamang mapakain nila ang kanilang pamilya, nariyang mag-home service sila sa pagma-manicure, pedicure, at pagkukulot ng buhok.

Umayos lang daw ang buhay namin nang makapagtrabaho si Tatay sa Central de Azucarera de Tarlac dahil regular na ang suweldo. Mapalad si Tatay dahil hindi siya kabilang sa mga tauhan na hindi naging maayos ang buhay. Gano’n pa man, isa sila sa mga natanggal nang magtanggalan na sila.

Noong bata nga raw ako, kung sa loob ng isang linggo at hindi ako nakakain ng prutas ay magkakasakit ako. Gano’n daw ako kaselan noon. At hindi basta prutas. Hindi puwede ang mga prutas na nakukuha sa bakuran kundi ang mga binibili sa palengke gaya ng mansanas, lansones, ubas at iba pa. Sa ngayon, iniisip ko, hindi ito pagiging maselan kundi pagiging mahina ang resitensiya. Ako raw ang naging dahilan kaya binigyan ng Diyos ng trabaho si Tatay.

***

Ang kagandahan daw ng pagiging bunso ay sa kaniya ang pinakahuling pagmamahal ng mga magulang. Kahit sabihin pang pantay-pantay lamang ang pagmamahal ng mga magulang ay hindi maikakaila na napupunta na lahat ang pagmamahal sa bunso. Dahil sa kaniya lahat napupunta ang atensiyon ng mga magulang. Isama pa ang



likhaan 13 inside pages 102419.indd 256 10/25/2019 2:07:16 PM

atensiyon at pagmamahal na ibibigay ng lahat ng mga kapatid. Ang pinakakawawa ay iyong mga nasa gitna dahil saglit lamang ang naibigay na atensiyon. Walo kaming magkakapatid, namatay lamang ang isa noong dalaga ito. Ibig sabihin, lahat ng nasa pagitan ng panganay at bunso ay hindi na kasingdami ng pagmamahal at atensiyon ang naibigay sa kanila. Sa totoo lang, laging nagtatampo ang kapatid kong sumunod sa akin, lagi na lamang daw ako.

Aminado naman ako. Napapansin kong ako ang naging paborito ng mga magulang ko at hindi ko maikakaila na ini-enjoy ko ito. Pero bukod dito, mukhang hindi alam ng mga kapatid ko na ang bunso ang huling makakasama ng kanilang mga magulang. Kami ang huling makasasaksi sa mga pagbabago sa loob ng bahay dahil unti-unti, isa-isa na silang lumalabas at bumubuo ng sari-sarili nilang pamilya.

Sa kalagayan ko, ako ang nakasasaksi sa unti-unting pagtanda ni Tatay at Nanay. Ako lamang ang kasama nila ngayon sa bahay at lahat ng nagiging problema sa pagtanda ay ako ang nakasasaksi.

Ako ang unang kinabahan sa aming magkakapatid nang minsang nagising ako sa umaga dahil sa boses ni Nanay na humihingi ng tulong. Tulog pa ako pero narinig ko na ang boses nila na parang nahihirapan na tinatawag si Tatay. Bigla akong naalimpungatan, akala ko panaginip lang ang lahat pero pagdilat ko ng mata ko, narinig ko silang muli. Dali-dali akong bumangon at nakita ko silang nakahiga sa kanilang kutson. Kalahati ng katawan nila ay nasa ibaba. Bigla raw silang nahilo habang tumatayo. Umiikot daw ang kanilang mundo. Tawag sila nang tawag kay Tatay pero dahil bingi si Tatay, hindi sila tumatalima. Itinakbo namin si Nanay nang araw na iyon. Buti na lamang at walang masamang nangyari.

Ako rin ang unang kinabahan nang magising si Tatay na nakangiwi ang kanilang mukha. Ayaw pa nilang magpatakbo sa ospital kung hindi ko lang pinilit. Pareho sila ni Nanay na ayaw padala sa ospital dahil wala raw silang pera, na ikinagalit ko naman. Madali lang kitain ang pera pero hindi maibabalik ang buhay na nawala dahil lamang walang pera. Mabuti na lamang din at walang malaking problema at bumalik din sa dati ang kanilang mukha pagkaraan ng ilang buwan na gamutan at self-therapy.

Sa dinami-rami ng mga nasasaksihan kong lumilitaw na problema dahil sa kanilang katandaan, natatakot ako sa isang bagay. Ang kanilang kamatayan.

Minsan silang nag-uusap. Hindi ko alam kung alam nilang naririnig ko o hindi. Ang sabi ni Tatay, ayaw daw niyang maunang mamatay si Nanay. Hindi raw nila kakayanin. Mas gusto raw nilang mauna, o di kaya naman ay sabay na lang.



likhaan 13 inside pages 102419.indd 257 10/25/2019 2:07:16 PM